



*Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Toll-Free (800) 776-5746*

Pag-access at Pagbabago ng mga Rekord ng Kalusugan

Abril 2016, Pub. #5112.08

May karapatan kang repasuhin, kopyahin, o baguhin ang mga rekord ng iyong pasyente. California Health and Safety Code (H&SC) §123110(a). May karapatan ka rin na pasamahin sa iyo ang isang tao kapag rerepasuhin mo ang iyong mga rekord. H&SC § 123110(a). Ang iyong personal na kinatawan (magulang, tagapag-alaga, tagapag-ingat, o ahente ng pangangalagang pangkalusugan) ay may parehong karapatan na ginagawa mo para repasuhin, kopyahin o baguhin ang iyong mga rekord (maliban gaya nang ipinaliwanag sa memo na ito). Tinatalakay din ng memo na ito ang ilang limitasyon sa iyong mga karapatan.

Anong mga batas ang magpapahintulot sa akin na repasuhin, kumuha ng mga kopya, o baguhin ang mga rekord ng aking kalusugan?

Pinahihintulutan ng parehong batas pederal at ng California ang mga pasyente na repasuhin, kumuha ng mga kopya, o humiling ng mga pagbabago ng, kanilang mga rekord sa kalusugan. Ang mga pamantayan ng pederal ay napapaloob sa mga regulasyon ng pagkapribado ng The Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). Ang mga pamantayan ng estado ay napapaloob sa The California Patient Access to Health Records Act, California Health and Safety Code mga seksyon 123100, at ang sumusunod. Ang parehong mga batas ng pederal at California ay idinisenyo para pangalagaan ang iyong mga karapatan, ngunit may mga kaunting pagkakaiba sa mga pamantayan. Lumalapat ang mga pamantayan ng pederal maliban kung bibigyan ka ng mga pamantayan ng estado ng marami pang karapatan.

45 C.F.R. §§ 160.203(b), 160.202 (kahulugan ng “mas mahigpit,” subparagraph (2)). Nangangahulugan ito na paminsan-minsang lumalapat ang mga pamantayan ng pederal, at paminsan-minsang lumalapat ang mga pamantayan ng estado. Ipinaliliwanag ng memo na ito kung kailan lumalapat ang mga pamantayan ng pederal at kung kailan lumalapat ang mga pamantayan ng estado.

Para sa higit na bahagi, nagkakaloob ang batas ng California nang mas maraming karapatan ng pag-access, o pagbabago ng, mga medikal na rekord kaysa sa mga regulasyon ng pederal. Kung gayon, karaniwang sinasaklawan ng batas ng California ang pag-access, at pagbabago ng, mga rekord ng pasyente. Gayunman, mayroong apat na sitwasyon kung saan nagkakaloob ang mga regulasyon ng HIPAA nang mas maraming karapatan sa pag-access o pagbabago kaysa sa batas ng California. Nagkakaloob nang mas maraming karapatan ang mga regulasyon ng pederal sa sumusunod na apat na sitwasyon:

- a) Pag-access sa mga rekord ng kalusugan hinggil sa pag-iisip (maliban sa mga tala ng psychotherapy).
- b) Mga buod ng mga medikal na rekord ayon sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan bilang kapalit sa pagpapahintulot sa pag-access sa mga rekord.
- c) Pagbabago ng mga medikal na rekord.
- d) Pag-access sa mga x-ray o EKG, EEG, o EMG tracings.

Ang natitira sa memo na ito ay ipinaliliwanag kung para saan ang mga pamantayan para marepaso, makopa, o mabago ang iyong mga medikal na rekord. Ipinaliliwanag din ng memo na ito kung matatagpuan man o hindi ang mga pamantayan na lumalapat sa mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA ng pederal o sa California Health and Safety Code.

Paano ako makakukuha ng access sa aking mga rekord?

Ikaw o ang iyong awtorisadong kinatawan ay dapat gumawa ng nakasulat na kahilingan para inspeksyunin at/o kumuha ng mga kopya ng iyong mga rekord. H&SC §123110(a), (b). Ang kahilingan para sa

mga kopya ay dapat tukuyin ang mga rekord na kokopyahin. H&SC §123110(b).

May mga limit ba ng panahon para sa pagtalima sa isang kahilingan para repasuhin at o kumuha ng mga kopya ng mga rekord ng kalusugan?

Oo. Dapat pahintulutan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang pag-access sa mga rekord sa panahon ng mga regular na oras na may pasok sa loob nang lima (5) araw na may pasok pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingan. H&SC §123110(a). Kung hihiling ka o ang iyong awtorisadong kinatawan para sa mga kopya ng lahat ng bahagi ng isang file, dapat ipadala ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga kopya sa loob nang labinlimang (15) araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na kahilingan. H&SC §123110(b).

Mayroon bang anumang limitasyon sa karapatan ng isang pasyente para ma-access ang mga rekord ng kanyang kalusugan hinggil sa pag-iisip?

Oo. Parehong batas ng HIPAA at California ay naglagay ng ilang paghihigpit sa pag-access sa mga rekord ng kalusugan hinggil sa pag-iisip. Dumidepende ang partikular na mga limitasyon sa kung ang mga rekord ay talang psychoterapy o hindi. Ang mga talang psychotherapy ay mga tala ng isang propesyonal sa kalusugan hinggil sa pag-iisip mula sa isang pribado o isang panggrupong sesyon ng pagpapayo, magkasama o pampamilyang sesyon ng pagpapayo at inihihawalay sa natitira ng iyong medikal na rekord. 45 C.F.R. § 164.501.

Anu-ano ang mga paghihigpit sa pag-access sa mga rekord ng kalusugan hinggil sa pag-iisip (bukod sa mga tala ng psychotherapy)?

Pinahihintulutan ng mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA ang provider na tumanggi lamang sa pag-access sa mga rekord ng

kalusugan hinggil sa pag-iisip (maliban sa mga talang psychotherapy) batay sa mga sumusunod na kundisyon:

- a) Natukoy ng lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, na sa paggamit ng propesyonal na paghatol, na ang pag-access ay makatwirang malamang na maisapanganib ang buhay o pisikal na kaligtasan mo o ng iba pang tao,
- b) Tumutukoy ang rekord sa ibang tao (maliban kung ang taong iyon ay provider ng pangangalagang pangkalusugan) at natukoy ng isang lisensyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan, na sa paggamit ng propesyonal na paghatol, na ang pag-access na hinilhiing ay makatwirang malamang na magdudulot ng malaki-laking pinsala sa ibang tao na iyon,
- c) Ang kahilingan sa pag-access ay ginagawa ng iyong personal na kinatawan (hal. magulang, tagapag-alaga, tagapag-ingat o ahente ng health care) at isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay tinukoy, na sa paggamit ng propesyonal na paghatol, na ang pagbibigay ng pag-access sa iyong personal na kinatawan ay makatwirang malamang na magdudulot ng malaki-laking pinsala sa iyo o sa iba pang tao.

Batay sa mga regulasyon ng HIPAA, ang pasyente ay maaari lamang tanggihan ang pag-access kung ang pag-access ay malamang na magsasapanganib sa buhay o pisikal na kaligtasan ng isang tao. Isa itong mahirap na pamantayan para sa isang provider na matugunan. Sa kabilang banda, ang pag-access ay maaaring itanggi sa isang kinatawan ng pasyente (hal. magulang, tagapag-alaga, tagapag-ingat, ahente ng health care) kung ang pag-access ay malamang na magdudulot ng malaki-laking pinsala sa isang tao. Nangangahulugan ito na mas mahirap ito para sa kinatawan ng pasyente na i-access ang mga rekord ng pasyente kaysa sa pag-access ng isang pasyente sa sarili nilang mga rekord.

PAALALA: Lumalapat lamang ang mga paghihigpit na ito sa pag-access ng pasyente, o isang kinatawan ng isang pasyente na hindi nakakuha ng pahintulot para sa paglabas ng impormasyon. Walang mga naturang

paghihigpit sa paglabas ng impormasyon sa isang tao bukod sa isang pasyente kung nagsagawa ang pasyente ng may bisang nakasulat na pahintulot.

Anong mga karapatan ang mayroon ang pasyente kung tatanggi ang isang provider na pahintulutan ang pag-access sa mga rekord ng kalusugan hinggil sa pag-iisip (bukod sa mga tala ng psychotherapy)?

Batay sa mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA, kung tatanggi ang provider na pahintulutan ang pag-access sa mga rekord, dapat magbigay ang provider ng nakasulat na pagtangggi. Ang nakasulat na pagtangggi ay dapat nilalaman ang sumusunod na impormasyon:

- a) ang batayan para sa pagtangggi;
- b) ang karapatan na repasuhin ng isang lisensyadong propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan na itinalaga ng provider (kabilang ang paglalarawan ng kung paanong gamitin ang karapatan na magrepaso);
- c) ang karapatan para maghain ng reklamo sa provider, at ang karapatan para maghain ng reklamo sa Department of Health and Human Services Office for Civil Rights.

Paalala: Ang parehong mga kinakailangan ng pederal na ito para sa pagtangggi sa pag-access at paunawa sa pagtangggi sa pag-access sa mga x-ray at EKG, EEG at EMG tracings ng mga provider na nasasaklawan ng HIPAA. Dahil ito ay mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA na magbigay ng mas maraming pag-access sa mga rekord na ito kaysa sa ibinibigay ng batas ng California.

Anu-ano ang mga paghihigpit ng batas ng California sa karapatan ng isang pasyente para ma-access ang kanyang mga tala ng psychotherapy?

Ang batas ng California ay lumalapat sa pag-access sa mga rekord ng pasyente kung hindi nasasaklawan ng HIPAA ang provider. Bilang

karagdagan, lumalapat ang batas ng California sa lahat ng kaso sa pagbubunyag sa mga tala ng psychotherapy. Ito'y dahil hindi talaga hinihiling ng mga regulasyon ng pederal ang pag-access sa mga tala ng sychotherapy. Kung gayon, ang batas ng California ay nagbibigay nang mas maraming karapatan sa pag-access kaysa sa mga regulasyon ng pederal. ("Ang mga tala ng psychotherapy" ay mahigpit na tinukoy para magpakahulugan ng mga tala na narekord ng isang propesyonal sa kalusugan hinggil sa pag-iisip sa panahon ng pribado, panggrupo, magkasama o pampamilyang sesyon ng pagpapayo at mga hiniwalay sa nalalabi ng iyong medikal na rekord.)

Sa ilalaim ng batas ng California, maaaring tumanggi ang provider ng pangangalagang pangkalusugan na pahintulutan ang inspeksyon o magbigay ng mga kopya ng mga tala ng psychotherapy sa isang pasyente kung matitiyak ng provider ng pangangalagang pangkalusugan na mayroong "malaki-laking panganib ng makabuluhang masama o nakapipinsalang mga kinahihinatnan sa pasyente na makita o matanggap" ang naturang mga tala ng psychotherapy. H&SC §123115(b). Gayunman, ang naturang pagtanggap ay sumasailalim sa mga sumudunod na apat na kundisyon:

- a) dapat ilagay ng provider ng pangangalagang pangkalusugan sa mga rekord ang nakasulat na paliwanag sa pagtanggap panghintulutang inspeksyunin o magbigay ng mga kopya ng mga rekord, kabilang ang paglalarawan ng partikular na masama o nakapipinsalang mga kinahihinatnan sa pasyente na inaasahan ng provider na maaaring maganap kung ang inspeksyon o pagkopya ay pahihintulutan;
- b) dapat pahintulutan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang inspeksyon, o magbigay ng mga kopya ng, mga rekord ng kalusugan hinggil sa pag-iisip sa isang lisensyadong manggagamot at siruhano, lisensyadong psychologist o lisensyadong klinikal na social worker na itinalaga ng pasyente;
- c) dapat ipaalam ng provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pasyente ang parehong pagtanggap ng provider na pahintulutan ang

- pag-access sa hinihiling na mga rekord at sa karapatan ng pasyente na inspeksyunin at makuha ang mga rekord; at
- d) dapat irekord ng provider ng pangangalagang pangkalusugan kung hiniling man ng pasyente na inspeksyunin o kunin ng iba pang propesyonal sa kalusugan ang hiniling na mga rekord.

H&SC §123115(b)(1)-(4).

Mayroon bang anumang limitasyon sa pag-access sa impormasyon sa aking mga rekord na ibinibigay ng isang tao bukod sa provider ng pangangalagang pangkalusugan?

Tinatadhana ng batas ng California na hindi kailangang pahintulutan ng provider na ma-access ang impormasyon na ibinibigay “bilang tiwala” sa provider ng isang tao bukod sa ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng pasyente. Tinatadhana ng mga regulasyon ng pagkapribado ng Federal HIPAA na maaari lamang ipagkait ang impormasyon na ito kung ang pagbubunyag ay magiging “makatwirang malamang na mabubunyag ang pinagkunan ng impormasyon.”

164.524(a)(2)(v).

Mayroon bang anumang limitasyon sa karapatan ng isang pasyente para ma-access ang mga rekord ng kalusugan ng kanyang menor-de-edad na anak?

Oo. Walang karapatan ang magulang na inspeksyunin o makakuha ng mga kopya ng mga rekord ng isang menor-de-edad na pasyente kung ang menor-de-edad na pasyente ay pinahintulutan ng batas na magpahintulot sa medikal na paggagamot. H&SC §123115(a)(1). Tingnan ang, Cal. Family Code §§6920-6929. At saka, walang karapatan ang magulang sa pag-access sa mga rekord ng menor-de-edad na pasyente kung matitiyak ng provider na ang pag-access sa mga rekord na hiniling ng magulang ay maaaring magkaroon ng nakapipinsalang epekto sa propesyonal na kaugnayan ng provider sa menor-de-edad na pasyente o sa pisikal na kaligtasan o kapakanang pangkaisipan ng menor-de-edad na pasyente. H&SC §123115(a)(2).

Ang paghihigpit na ito sa pag-access ay partikular na pinapahintulutan sa ilalim ng mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA. 45 C.F.R. § 164.502(g)(3)(ii)(B).

May diskresyon ba ang provider ng pangangalagang pangkalusugan na magbigay ng buod ng, imbes na direktang pag-access sa, mga medikal na rekord ng pasyente?

Pinahihintulutan ng mga regulasyon ng pagkapribado ng Federal HIPAA ang provider na maghanda ng buod imbes na pahintulutan kang mag-access sa mga rekord, ngunit kung sasang-ayon ka nang maaga sa parehong isang buod at anumang bayad sa paghahanda sa buod. 45 C.F.R. § 164.524(c)(2)(iii)

Kung maghahanda ang provider ng buod imbes na magpahintulot ng pag-access sa mga rekord, ang buong rekord ng pasyente ay dapat maibuo maliban lang kung lilimitahan ng pasyente ang kanyang kahilingan sa ilang pinsala, mga karamdaman, o episode. H&SC §123130(a). Maaaring sumangguni ang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pasyente para linawin kung anong impormasyon ang hinahanap. Kung, bilang isang kinahinatnan, ang hinihiling na impormasyon ng pasyente tungkol sa ilang pinsala, mga karamdaman, o episode, hinihilingan ang provider na isabuo lamang ang mga pinsala, karamdaman, o episode na itinalaga ng pasyente.

Ang buod ay dapat maglaman para sa bawat pinsala, karamdaman, o episode ng anumang impormasyon na kasama sa rekord na nauugnay sa sumusunod:

1. (mga) pangunahing reklamo, kabilang ang history ng pasyente;
2. mga natuklasan mula sa mga konsultasyon at referral sa iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan;
3. diyagnosis, kung saan tinukoy;
4. plano ng paggagamot at pangangasiwa kabilang ang mga gamot na inireseta;
5. progreso ng paggagamot;

6. pagtaya sa mangyayari, kabilang ang malalaking patuloy na problema o kundisyon;
7. mga angkop na report ng mga procedure at pagsusuri ng diyagnostiko at lahat ng buod ng pagpapauwi; at
8. mga natuklasang nilayon mula sa pinakahuling pisikal na pagsusuri, tulad ng presyon ng dugo, timbang, at aktuwal na mga value mula sa mga palagiang ginagawang pagsusuri sa laboratoryo.

H&SC §123130(b)(1)-(8)

Maaari bang ipagkait ng provider ang mga rekord dahil sa mga hindi bayad na bill?

Hindi. Hindi maaaring ipagkait ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga rekord ng pasyente dahil sa mga hindi bayad na bill para sa mga serbisyo. Ang sinumang provider ng pangangalagang pangkalusugan na sadyang ipinagkakait ang mga rekord dahil sa mga hindi bayad na bill ay sasailalim sa mga nakatadhanang parusa. H&SC §123110(j).

Maaari bang humingi ang provider ng bayad sa pagkopya o pagbuod sa mga rekord bago ilabas ang mga rekord o buod?

Oo. Bago magbigay ng mga kopya ng mga rekord sa humihiling, maaaring hilingan ng provider ang humihiling na magbayad: mga halaga ng pagkopya, na hindi lalampas nang dalawampu't limang sentimo (\$.25) kada pahina o limangpung sentimo (\$.50) kada pahina para sa mga rekord na nakopya mula sa microfilm, at anumang karagdagang makatwirang mga halagang klerikal na natamo sa paglalaan sa mga rekord. H&SC §123110(b).

Bilang karagdagan, maaaring maningil ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ng "makatwirang bayad" batay sa aktuwal na oras at halaga sa paghahanda ng isang buod alinsunod sa kahilingan ng pasyente para sa pag-access sa kanyang mga rekord. H&SC §123130(f).

Gayunman, hindi maaaring maningil ang provider para sa mga kopya ng mga rekord na kinakailangan para suportahan ang isang apela para sa mga benepisyo ng Social Security Disability Insurance (SSDI), Supplemental Security Income (SSI) o Medi-Cal, kung ang kahilingan para sa mga rekord at patunay ng apela ay ibinibigay sa provider nang nakasulat. H&SC §123110(d)(1). Dapat maibigay ang mga rekord sa loob nang 30 araw ng nakasulat na kahilingan. H&SC §123110(f). Tanging isang kopya ng nauugnay na mga bahagi ng mga rekord ang dapat maibigay nang walang bayad. H&SC §123110(d)(2). Ang mga rekord na "Nauugnay" ay mga rekord na nag-uumpisa sa petsa ng inisyal na aplikasyon para sa mga benepisyo at nagtatapos kapang nagawa na ang pinal na desisyon sa anumang apela. H&SC §123110(d)(1). Hindi kailangan magbigay ang provider ng mga rekord nang walang bayad kung ang pasyente ay kinakatawan ng isang pribadong abogado (abogado bukod sa isang hindi kumikitang entidad ng mga serbisyo ng legal). H&SC §123110(d)(3). Kung matagumpay ang apela, maaaring i-bill ng provider ang pasyente para sa mga rekord sa mga bayad na tinukoy sa itaas. H&SC §123110(e).

Paano ko babaguhin ang mga rekord ng aking kalusugan?

Para sa mga provider na nasasaklawan ng HIPAA, ang pagbabago ng mga rekord ng kalusugan ay pinamamahalaan halos ng buong mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA. Ayon sa mga regulasyon na iyon, dapat mong hilingan ang provider na baguhin ang iyong mga rekord. 45 C.F.R. § 164.526(b)(1). Maaaring hilingin ng provider na isulat ang iyong kahilingan at kasama dito ang dahilan para sa hiniling na pagbabago, ngunit dapat abisuhan ka ng provider sa mga kinakailangan na ito bago mo gawin ang kahilingan. 45 C.F.R. § 164.526(b)(1). Walang limit na panahon sa paghiling ng pagbabago. 45 C.F.R. § 164.526(a)(1). Maaari kang humingi ng isang pagbabago hangga't umiiral ang iyong mga rekord. 45 C.F.R. § 164.526(a)(1).

Dapat kumilos ang provider sa iyong kahilingan sa loob nang 60 araw. 45 C.F.R. § 164.526(b)(2)(i). Maaaring magkaroon ang provider nang 30 araw na ekstensyon kung bibigyan ka ng provider ng nakasulat na

pahayag ng mga dahilan para sa pagkaantala at sa petsa kung saan makukumpleto ang aksyon. 45 C.F.R. § 164.526(b)(2)(ii).

Kung sasang-ayon ang provider na baguhin ang iyong mga rekord, ang provider ay dapat, sa pinakakaunti, ay kilalanin ang rekord na babaguhin at alinman sa isama ang pagbabago sa rekord na iyon o magbigay ng link sa pagbabago. 45 C.F.R. § 164.526(c)(1). Dapat din abisuhan ka ng provider na naisagawa na ang pagbabago, at nakuha ang iyong pahintulot para ipaalam sa iba kung sino ang tumanggap sa mga rekord na isinasaalang-alang. 45 C.F.R. § 164.526(c)(2). Dapat ibigay ng provider ang pagbabago sa mga tao na iyong pinaalamanan na natanggap ng provider ang mga rekord na isinasaalang-alang, at sa mga tao na nalalaman ng provider na nasa kanila ang impormasyon at kung sino ang maaaring umasa sa impormasyon sa iyong kapinsalaan. 45 C.F.R. § 164.526(c)(3). Ang mga provider na tumatanggap sa pagbabago ay dapat rin baguhin ang mga rekord na hawak ng provider. 45 C.F.R. § 164.526(e).

Maaaring tanggihan ng provider ang iyong kahilingan para sa pagbabago kung naniniwala ang provider na ang rekord ay tumpak at kumpleto. 45 C.F.R. § 164.526(a)(2)(iv). Maaari rin tanggihan ng provider ang iyong kahilingan para sa pagbabago kung hindi nilikha ng provider ang rekord na isinasaalang-alang (maliban lang kung hindi na available ang lumikha ng rekord para umaksyon sa isang kahilingan para sa pagbabago); o wala sa provider ang rekord na isinasaalang-alang; o wala kang karapatan sa pag-access sa rekord. 45 C.F.R. § 164.526(a)(2).

Kung tatanggihan ng provider ang iyong kahilingan para sa pagbabago ng mga rekord, dapat ibigay sa iyo ng provider ang pagtatanggi nang nakasulat. 45 C.F.R. § 164.526(d)(1). Dapat nilalaman ng nakasulat na pagtanggi ang sumusunod:

- a) Ang batayan para sa pagtanggi (hal. naniniwala ang provider na ang mga rekord ay tumpak at kumpleto).

- b) Paunawa ng iyong mga karapatan na magsumite ng pahayag na hindi sumasang-ayon sa pagtanggì, at kung paanong isumite ang pahayag.
- c) Paunawa na kung hindi ka magsusumite ng pahayag na hindi sumasang-ayon sa pagtanggì, maaari mong hilingan ang provider na isumite ang iyong kahilingan para sa pagbabago, at ang pagtanggì ng provider, kasama ng anumang pagbubunyag ng mga rekord sa hinaharap.
- d) Isang paglalarawan kung paano kang maghahain ng reklamo sa provider o sa Department of Health and Human Services Office for Civil Rights (OCR).

45 C.F.R. § 164.526(d)(1).

Maaaring “makatwirang limitahan ng provider ang haba” ng isang pahayag ng hindi pagsang-ayon, ngunit dapat kang pahintulutan na magsama nang hanggang 250 salita. 45 C.F.R. § 164.526(d)(2), H&SC 123111(a). (Ang mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA ay walang tinutukoy na pinakamaigsing haba, ngunit pahihintulutan ka ng H&SC 123111(a) nang hanggang 250 salita.) Maaaring maghanda ang provider ng nakasulat na pagpapabulaan sa iyong pahayag ng hindi pagsang-ayon, ngunit dapat kang bigyan ng kopya ng provider. 45 C.F.R. § 164.526(d)(3). Kung ibubunyag ng provider ang iyong mga medikal na rekord, dapat isama ng provider ang iyong pahayag ng hindi pagsang-ayon sa pagbubunyag. H&SC §123111(b). (Ikumpara ang mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA, na nagbibigay sa provider sa opsyon ng pagbubunyag ng buod ng kahilingan para sa mga binagong dokumento. 45 C.F.R. § 164.526(d)(5)).

Bilang karagdagan, sa kabila nang mga hinihingi ng HIPAA, pinahihintulutan ka ng batas ng California na ibigay sa provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan ang nakasulat na dagdag na bagay hinggil sa anumang bagay o pahayag sa iyong mga rekord na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o hindi tama. Magiging limitado ang dagdag na bagay sa 250 salita kada sinasabing hindi kumpleto o hindi wastong bagay sa rekord ng iyong pasyente at dapat malinaw na

ipahiwatig nang nakasulat na gusto mong gawing bahagi ang dagadag na bagay sa iyong rekord. H&SC § 123111(b).

Ano ang magagawa ng pasyente o kinatawan ng pasyente kung tatanggihan siya sa pag-access sa mga rekord ng pasyente?

Maaari kang maghain ng reklamo sa provider ng mga medikal na serbisyo. Dapat magkaroon ang provider ng proseso ng reklamo sa ilalim ng HIPAA. 45 C.F.R. 164.530(d).

Mga reklamo para sa mga paglabag sa pederal na mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA, kung saan ay nagaganap pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng mga regulasyon sa Abril 14, 2003, ay maaaring ihain sa Department of Health and Human Services Office for Civil Rights (OCR ng pederal). 45 C.F.R. § 160.306(a). Ang address ay Office for Civil Rights, Department of Health and Human Services, 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, California 94103, Voice Phone (415) 437-8310. FAX (415) 437-8329. TDD (415) 437-8311.

Maaari kang bigyan ng OCR ng isang form para sa paghain ng reklamo. Matatagpuan rin ang form ng reklamo sa internet sa <http://www.hhs.gov/ocr/privacyhowtofile.htm>; at saka tulong sa, o mga katanungan hinggil sa form ng reklamo ay matatagpuan sa pagtawag sa (800) 368-1019. Ang mga reklamo ay dapat ihain nang nakasulat sa loob nang 180 araw ng petsa na nalaman mo o dapat mong nalamang paglabag. 45 C.F.R. §§ 160.306(a), 160.306(b)(3). Dapat pangalanan ng reklamo ang provider na paksa sa reklamo at ilarawan ang mga kilos o omisyon na lumabag sa mga regulasyon. 45 C.F.R. § 160.306(b)(2). Ang karagdagang impormasyon ng HIPAA ay matatagpuan sa <http://www.hhs.gov/ocr/hipaa/>.

Hindi dapat gumanti laban sa iyo ang provider sa paggamit sa iyong mga karapatan sa ilalim ng HIPAA. 45 C.F.R. 164.530(g).

Ang provider ng pangangalagang pangkalusugan na sadyang nilalabag ang mga hinihingi ng California Health and Safety Code ay maaaring

sumailalim sa mga parusa, kabilang ngunit hindi limitado sa isang \$100 multa at pagsuspende o pagbawai ng lisensya. H&SC §§123110(i) at (j). Bilang karagdagan, ang pasyente, o isang kinatawan ng pasyente ay maaaring mademanda para sa pag-access sa mga rekord. H&SC § 123120. Ang umiiral na partido ay karapat-dapat sa mga gastos at makatwirang mga bayad sa abogado.

Maaari ka rin mademanda para sa mga aktuwal na danyos kung ang isang lisensyadong provider na nawalan ng negosyo ay inabandona ang iyong mga rekord. H&SC §123145(b). (Ang mga provider na nawalan ng negosyo ay dapat magpanatili ng mga rekord para sa isang pinakamababang 7 taon at kahit hanggang maging 19 ang edad ng indibidwal. H&SC § 123145(a)). Ang mga paglabag sa batas ng California at ng mga regulasyon ng pagkapribado ng HIPAA ay maaari rin maging dahilan sa isang sakdal ng kapabayaang laban sa isang provider para sa mga danyos na pera dahil nagtataguyod ang batas at mga regulasyon ng tungkulin ng pangangalaga sa bahagi ng mga provider ng medikal na serbisyo.

[Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay namin!](https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1)

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.